

Ang Camp Meeker Recreation and Park District (ang “Distrito”), bilang ahensya ng County of Sonoma at pang-lungsod at pang-komunidad na sistema ng serbisyo ng tubig na nagsilbi sa mahigit sa dalawandaang (200) koneksyon ng serbisyo, ang Distrito ay pinamamahalaan sa ilalim ng batas na ipinatupad mula sa Pebrero 1, 2020, ng Senate Bill No. 998. Pinagtibay ng Distrito ang mga sumusunod na Resolusyon sa pagputol ng residensiyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, na magbabago sa kabuuan ng Seksyon 4.0 ng District Code.

Delinkuwenteng Account:

Ang mga delinkuwenteng account mula ngayon ay ituturing na alinmang account na may singil sa serbisyo na nananatiling hindi pa bayad (at walang ginawang kasunduan sa pagpapaliban o pagbawas ng bayad, walang itinatag na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o hindi nag-sumite ng pagtutol o apela sa mga bill na hindi nabayaran) bago sumapit ang pagsasara ng opisina dalawampu’t walong araw (28) matapos ipadala ang bill kung saan makikita ang hindi bayad na halaga. Ang mga sumusunod na panuntunan ay ilalapat sa pangongolekta ng delinkuwenteng account:

1. Mga Account na may Maliit na Balanse: Ang anumang balanse sa isang delinkuwenteng account na \$20 o mas mababa ay maaring idagdag na lamang sa susunod na bill na hindi papatungan ng late fee o hindi sasailalim sa aksyon sa pangongolekta. Ito ay ayon sa pagpapasya ng Distrito.
2. Alternatibong Paraan ng Pagbabayad: Ang sinumang kostumer na hindi makapagbayad sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humingi ng alternatibong paraan ng pagbabayad upang makaiwas sa late fee o pagputol ng serbisyo ng tubig. Isasaalang-alang ng Distrito ang kalagayan ng kostumer at magpapasya kung karapat-dapat ang alternatibong paraan ng pagbabayad.

Ang mga sususunod ay magiging basihan ng Distrito kung tatanggapin ang hiling sa alternatibong paraan ng pagbabayad:

- a. Sertipikasyon ng Pangunahing Tagapag-alaga: Ang sertipikasyon ng pangunahing tagapag-alaga (Primary Care Provider) na maaaring General Practitioner, Obstetrician/Gynecologist, Pediatrician, Family Practice Physician, Primary Care Clinic, Hospital, o Outpatient Clinic, na nagbigay ng sertipikasyong nagsasaad na ang pagtigil ng serbisyo ay manganganib ang buhay, kalusugan o kaligtasan ng naninirahan sa lugar ng serbisyo.
- b. Walang Kakayahang Pinansiyal na Magbayad: Ang kostumer ay nagpatunay na wala siyang kakayahang pampinansiyal na magbayad ng bill ng tubig sa loob ng regular na panahon ng paniningil ng Distrito. Isang pagpapatunay nito ay kapag ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang kostumer ay nagdeklara na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200% ng pambansang antas ng kahirapan (federal poverty level).
- c. Ang kostumer ay sang-ayon na pumasok sa isang kasunduang amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano na makapag-aantala o pagbawas sa halagang babayaran, alinsunod sa mga patakarang nakasaad sa dokumentong ito kaugnay ng paniningil ng mga delinkuwenteng bayad.

Maaaring makipag-ugnay o kontakin ng mga kostumer ang Distrito sa (707) 874-9246 upang pag-usapan ang mga paraang maaaring gawin para maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig. Ang nakasulat na kahilingan ng alternatibong paraan ng pagbabayad ay dapat isumite sa Distrito sa 5240 Bohemian Hwy, Camp Meeker, CA.

Ang mga alternatibong paraan ng pagbabayad ay ang mga sumusunod:

- a. Amortisasyon ng hindi bayad na balanse.
- b. Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
- c. Pagbabawas ng bahagi ng halaga o buong kabawasan sa halagang hindi nababayaran sa paraang hindi magsasabalikat ng kabayaran sa ibang kostumer.
- d. Pansamantalang pag-aantala o ekstensyon sa panahon ng pagbabayad.

Narapat na ang napagkasunduang alternatibong paraan ng pagbabayad ay nasa isang kasulatang nilagdaan ng kostumer at ng kinatawan ng Distrito. Maaaring pumili ang Distrito ng alinmang paraan sa mga nabanggit na alternatibo sa taas at magtakda ng mga detalye, kondisyon at panukatan ng napiling alternatibo. Karaniwan na ang ibibigay an alternatibo ay mapangyaring ang lahat ng kasalukuyang dapat bayaran ay mabayaran sa loob ng labindalawang (12) buwan. Maaring magbigay ang Distrito ng mas mahabang panahon ng pagbabayad kung makikita nitong makakatulong ito na hindi lubhang mahirapan ang kostumer na may pagsasaalang-alang sa kanyang kalagayan. Hindi maaring huminging muli ang kostumer ng iba pang alternatibong paraan ng pagbabayad sa mga susunod pang hindi mabayarang bill habang ang kasalukuyang alternatibo ng dating delinkuwenteng bayararin ay tinutupad. Ang hindi pagsunod sa mga termino at kondisyon ng alternatibong paraan ng pagbabayad na ibinigay sa kostumer ay maaring mangahulugan ng pagbibigay ng nakasulat na paunawa na puputulin ang serbisyo ng tubig, na ipadadala ng hindi bababa sa limang (5) araw bago putulin ang serbisyo.

3. Mga Karagdagang Notipikasyon: Bilang pagmamagandang-loob, sisikapin ng Distrito sa abot ng kanyang kakayahan na ipaalam sa kostumer na ang account ay nananatiling hindi pa bayad ang ang karagdagang aksyon sa pangongolekta ay matatanggap sa humigit-kumulang na animnapung (60) araw matapos ipadala ang bill. Ang notipikasyon ay ipapadala sa paraang pinili ng kostumer (text, telepono, o email). Ang mga kustomer na hindi pumili ng paraan ng notipikasyon ay bibigyan ng paunwa sa pamamagitan ng door-hanger, telepono o email. Hindi magiging responsibilidad ng Distrito kapag hindi updated ang numero ng telepono o email na ibinigay ng kostumer sa Distrito.
4. Nakasulat na Paunawa sa Pagputol ng Serbisyo: Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad hangga't hindi delinkuwente ang bill ng hindi kukulanging sa animnapung (60) araw. Makikipag-ugnay ang Distrito sa kustomer sa pamamagitan ng sulat nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang nakasulat na paunawa sa pagputol ng serbisyo ay ipapadala sa kostumer sa pamamagitan ng koreo sa address na nakasaad sa account ng kostumer. Kapag ang address na ito ay iba sa address kung saan ang serbisyo ng tubig ay ibinibigay, isang pangalawang paunawa ang ipapadala sa address ng serbisyo na naka-address sa "Occupant." Ang nakasulat na paunawa sa pagputol ng serbisyo ay maglalaman ng mga sumusunod:
 - Pangalan at address ng Kostumer
 - Halaga ng hindi nababayarang singil na dapat nang bayaran
 - Petsa kung kailan dapat magbayad o kailan nagawa na ang alternatibong paraan ng pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng serbisyo.

- Deskripsyon kung paano mag-apply sa planong amortisasyon
 - Deskripsyon sa proseso ng paglilinaw o pag-apela ng bill
 - Numero ng telepono ng Distrito at web link sa nakasulat na patakaran ng Distrito ukol sa pangongolekta.
- a. Paunawa sa Mga Residensyal na Tenant/Occupant na May Sariling Metro sa Tirahan: Magbibigay ang Distrito, sa abot ng kanyang kakayahan, ng paunawa sa mga occupant sa pamamagitan ng nakasulat na paunwaukol sa hindi nababayaran bill at ang napipintong pagputol ng serbisyo ng tubig hindi bababa sa sampung (10) araw bago ito gawin. Magbibigay ng karapatan sa mga occupant na maging kostumer ng Distrito kung saan hindi nila kailangang bayaran ang hindi bayad na bill, kung sumang-ayon silang magbayad ng mga darating pang bill sa tirahang iyon sa pagtuloy ng serbisyo ng tubig. Upang ang delinkuwenteng halagang dapat bayaran ay hindi singilin ng Distrito, kailangang magpakita ng patunay ng paninirahan ang nangungupahan sa pamamagitan ng kasunduan sa pagrenta o katunayan ng pagbabayad ng upa.
 - b. Paunawa sa mga Tenant/Occupant sa Multi-Unit Complex na May Isang Master Meter: Ipaalam ng Distrito, sa abot ng kanyang kakayahan sa mga tenant/occupant sa pamamagitan ng pagpapaskil ng paunawa sa lugar na kapansin-pansin sa tirahan ng kostumer kapag hindi nakabayad sa serbisyo at maaaring putulin ang serbisyo sa panahon na hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo. Magbibigay ng karapatan sa mga tenant/occupant na maging kostumer ng Distrito kung saan hindi sila kailangang magbayad ng hindi bayad na bill, kung sila ay sumang-ayon na magbayad ng mga darating pang bill sa tirahang iyon sa pagtuloy ng serbisyo ng tubig na may isang master meter. Kapag ang isa o higit pang tenant/occupant ay tumanggap ng responsibilidad sa pagbabayad ng mga darating na bill para sa serbisyo ng tubig sa kasiyahan ng Distrito, o kung may pisikal na paraang legal na piliin ng Distrito ang mga occupant na puputulan ng serbisyo dahil hindi nila natugon ang mga kinakailan para maging karapat-dapat sa serbisyo, bibigyan ng Distrito ng serbisyo ang mga occupant na natugon ang mga naturang kinakailanan.
5. Deadline sa Pagputol ng Serbisyo: Lahat ng delinkuwenteng singil at kaugnay na bayad ay dapat matanggap ng Distrito hanggang alas-singko ng hapon (5:00 p.m.) sa araw na nakasaad sa nakasulat na paunawa sa pagputol ng serbisyo.
 6. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad: Puputulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagsara, o sa ibang pagkakataon pagkandado ng metro. Bago putulin ang serbisyo, ipaalam sa kostumer sa isang nakasulat na paunawa sa pagputol ng serbisyon bababa sa pitong (7) araw ng trabaho bago putulin ang serbisyo. Sisingilin ang kostumer sa pagbabalik ng serbisyo kahit isinara o hindi ang metro. Mananatiling naka-lock off ang metro kapag hindi nakatanggap ng Distrito ang bayad sa loob ng pitong (7) araw matapos ang naunang pagsara ng serbisyo at papatawan ng singil sa pagputol ng serbisyo (disconnection fee).
 7. Pagbabalik ng Serbisyo. Upang maibalik ang serbisyo na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, kailangang magbayad ang kustomer ng singil sa pagbabalik ng serbisyo (“re-establishment fee”). Pipilitin ng Distrito na ibalik ang serbisyo sa pinakamabilis na panahong kanilang kakayanin, kung saan ang pinakamabilis na pagbalik ng serbisyo ay hindi bababa sa sumunod na regular na

araw ng trabaho mula sa pagtanggap ng bayad ng singil na past due at ng mga delinkuwenteng bill na kaugnay ng pagputol ng serbisyo. Ang pagbabalik ng serbisyo ng tubig ng hindi awtorisadong kinatawan ng Distrito ay sasailalim sa pagpataw ng multa o mga karagdagang singil. Anumang sira o gastos na sanhi ng hindi awtorisadong pagbalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer. Ang impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo ng tubig ay ibibigay sa kostumer bago putulin ang serbisyo.

8. Pagbabalik ng Serbisyo ng Tubig sa Labas ng Regular na Oras ng Trabaho: Ang pagbabalik ng serbisyo ng tubig na lampas ng alas singko ng hapon (5:00 pm) mula Lunes hanggang Biyernes, Sabado, Linggo o pista opisyal ay sisingilin ang “after-hours re-establishment fee.” Hindi ibabalik ang serbisyo sa labas ng regular na oras ng trabaho maliban kung naipaalam sa kostumer ng dagdag na “after-hours re-establishment fee” at lumagda ng kostumer sa isang kasunduan na sumasang-ayon siya sa singil at sumasang-ayong makipag-ugnay at magbayad nito sa Distrito bago mag-alas dose ng tanghali ng sumusunod na araw ng trabaho. Itong “after-hours re-establishment fee” na babayaran dahil sa trabahong ginawa sa labas ng regular na oras ng trabaho ay karagdagang singil lamang sa delinkuwenteng halaga na dapat bayaran. Ang tauhan ng Distrito na magbabalik ng serbiyo ay magpapaalaala na kailangang magbayad ng kostumer ng re-establishment fee at ang dapat bayarang singil bago mag-alas dose ng susunod na araw ng trabaho sa billing department ng Distrito. Hindi siya maniningil sa oras ng pagbabalik ng serbisyo. Ang serbisyong naka-off at locked ay hindi mapanunumbalik matapos ang regular na oras ng trabaho.

Minsan, ang serbisyo ng tubig ay pinuputol dahil ang serbisyo ay sasailalim sa isang bagong account at hindi pa nakatanggap ang Distrito ng kahilingan upang ibigay ang serbisyo. Sa ganitong pagkakataon na kailangan pang simulan ang serbisyo para sa bagong account sa oras na hindi napaloog sa regular na oras ng trabaho, kailangang makipag-ugnay ang kostumer sa billing department ng Distrito sa sununod na araw na may trabaho upang hindi na singilin re-establishment fee. Kapag ang pagputol ng serbisyo ay sa kadahilanang hindi isa sa mga binanggit sa taas ng dokumentong ito, ang serbisyo ay ibabalik sa madaling panahon at sasabihan ang kostumer na makipag-ugnay sa billing department upang ma-adres ang issue. Hindi sisingil ng re-establishment fee para sa trabaho sa labas ng regular na oras ng trabaho sa ganitong pagkakataon.

9. Paunawa sa Disposiyon sa Ibinalik na Tseke: Hindi ituturing na bayad ang bill kung saan ang ibinayad na tseke ay tumalbog o bumalik. Gagawin ng Distrito sa abot ng kanyang kakayanan upang ipaalam sa kostumer ang pagbabalik ng tseke pa pamamagitan ng tawag sa telepono o email. Isang 48-hour notice sa pagputol ng serbisyo dahil sa ibinalik na tseke ang ipadadala. Ang paunawa ay ipadadala sa paraang pinili ng kostumer: text, o telepono o email. Ang mga kostumer na hindi pumili ng paraan ng notipikasyon ay tatawagan sa telepono. Kapag hindi makontak ng Distrito ang kostumer sa text, telepono o email, gagawin ng Distrito sa abot ng kanyang kakayanan na puntahan ang tirahan ng kostumer at mag-iwan dito ng paunawa ng pagputol ng serbisyo.

Ang serbisyo ng tubig ay puputulin kapag ang halaga ng tseke at ang singil sa pag-asikaso ng ibinalik na tseke ay hindi nabayaran sa petsang nakasaad sa paunawa sa pagputol ng serbisyo. Ang kabuuang halaga ng ibinalik na tseke at mga dagdag na singil ay kailangang bayaran ng cash, credit card o sertipikadong pondo.

10. Ibinalik na Tsekeng Ibinayad sa Dating nang Pinutol na Serbisyo: Kapag ang ibinayad ng kostumer upang maibalik ang pinutol na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, at ibinalik ang serbisyo, ay isang non-negotiable na tseke, maaaring kaagad putulin ng Distrito ang serbisyo nang wala nang paunawa.

Ang sinumang kostumer na nagbayad ng “non-negotiable” na tseke para ibalik ang serbisyo ay kakailanganing magbayad ng cash, credit card, o sertipikadong pondo sa susunod na labindalawang buwan (12) mula sa petsa ng pagbabalik ng talbog na tseke upang maibalik ang serbisyo ng tubig.

11. Nililinao o Inaapelang Bills (Disputed Bills): Kapag may katanungan o kailangang linawin ang kostumer ukol sa bill at nagsumite ng apela sa Lupon ng mga Direktor, hindi maaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang may nakabinbin na apela.